PhilRice Magasin

Inilalathala ng
Philippine Rice Research Institute
bawat 6 na buwan

PABALAT

Sa pagkakaroon ng kooperatiba, napalalakas ang mga magsasaka sa pamamagitan ng mga ayudang ibinibigay ng pamahalaan tulad ng libreng binhi, makina, pagsasanay, at pautang. Bukod pa diyan, nakahihirit pa ng mas mataas na presyo ng palay ang mga miyembro ng kooperatiba.

Kaya naman, may asenso sa pagkakaroon ng kooperatiba dahil ani at kita ay pinatataas!

2017 BINHI MAGAZINE OF THE YEAR

2016 BINHI MAGAZINE OF THE YEAR

2015 BINHI AGRI NEWSLETTER OF THE YEAR

0917-111-7423
rice.matters
PhilRiceTV
www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com

NILALAMAN

1 MULA SA EDITOR
2 TULUNG-TULONG
4 MAGSASAKANG TAGA KALINGA, PINALAKAS NG KOOPERATIBA
6 KUMIKITANG KOOP
8 PAKINABANG SA PAGSALI SA KOOP
10 SARILI ANG PUHUNAN
12 KATAMBAL NG KOOP
14 ONLINE PAGSASAKA, PWEDE!
16 MAGPALISTA SA RSBSA!

Managing Editors: Christina A. Frediles • Allan C. Biwang, Jr. • **Writers/Photographers:** Zenny G. Awing • Anna Marie F. Bautista • Jayson C. Berto • Allan C. Biwang, Jr. • Aivan James C. Castañeda • Donna Cris P. Corpuz • Carlo G. Dacumos • Christina A. Frediles • Marvin J. Manalang • Reuel M. Maramara • Noel S. Mariano, Jr. • Julianne A. Suarez • **Design and Layout:** Perry Irish H. Duran • **Illustration:** Zenny G. Awing • Perry Irish H. Duran • Jude Klarence C. Pangilinan • **Circulation:** Christina A. Frediles • Derwin S. Villena • **Administrative Support:** Derwin S. Villena • **Assistant Editor:** Hanah Hazel Mavi B. Manalo • **Consulting Editor:** Constante T. Briones • **Editorial Advisers:** John C. De Leon • Karen Eloisa T. Barroga • Ronan G. Zagado

Maaaring kopyahin at ipamahagi ng mga mambabasa ang mga nilalaman ng magasing ito, kilalanin lamang ang PhilRice. Gayundin, hinihikayat ang sinuman na magpadala ng artikulo (600-800 na salita kalakip ang 4-5 larawan) at magmungkahi ng tema o mga istorya ng indibidwal o grupo na may kinalaman sa pagsasaka. Maaaring ipadala ang mga ito sa prri.mail@philrice.gov.ph o philricenews@gmail.com; o sa THE EDITOR, PhilRice Magasin, Development Communication Division, PhilRice, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija.

MAS MATIKAS 'PAG SAMA-SAMA

Ayon sa Cooperative Development Authority, nitong Disyembre 2019 ay nasa 355 pa lang ang rehistradong kooperatiba ng palay na nagbubuklod-buklod ng 167,274 na magsasaka. Kung tutuusin, katiting lamang ang bilang na ito kumpara sa higit 2 milyong magsasaka sa Pilipinas.

Kung dumami ang mga magsasakang kumbinsido sa mga benepisyong mapapala nila sa pagsapi sa kooperatiba o asosasyon, tiyak na lolobo ang naturang bilang at darami ang magtatamasa ng bentahe at pakinabang mula rito.

Inuuna ng DA na ayudahan ang mga magsasakang miyembro ng kooperatiba at asosasyon. Kabilang sa mga grasya ang libreng binhi at makina, pagpapahiram ng puhunan sa bukid ng mga bangko, pagsasanay sa pagpapalayan, pagpapaseguro o *crop insurance*, at iba pa.

Nakapaloob sa magasing ito ang iba't-ibang istratehiyang ginagawa ng ilang kooperatiba o asosasyon na nakatutulong sa bawat miyembro na tumaas ang ani at kita. Bonus din syempre ang pagkakaibigang nabubuo sa mga magkakabaro sa koop.

Nariyan ang kwento ng bayanihan ng Brgy. Dalipawen Farmers' Association sa San Narciso, Zambales. Tulung-tulong silang nagtanim sa bukid ng kapwa miyembro; nakatulong na sila, natuto pang gumamit ng *mechanical transplanter*. Sama-sama rin nilang nilabanan ang *rice black bug* sa palayan sa pamamagitan ng mga *light traps*.

Naniniwala naman ang RiceBIS Negros Agrarian Reform Cooperative, Murcia, Negros Occidental, na ang pag-unlad ay kailangang simulan sa sarili. Kwento ng kanilang kooperatiba, kailangang isapuso ang libreng pagsasanay na natanggap mula sa pagpili ng binhi, pagproproseso, at pagnenegosyo.

Pinasok naman ng Lupang Arenda Multi-Purpose Cooperative sa Sta. Ana, Taytay, Rizal ang pagnenegosyo. Mula sa P14,000 kapital, lumago na sa P15M ang kanilang kaperahan. Kasama rin sa pinagkakakitaan nila ang tindahan ng *agri supply* at negosyo sa pinagkukunan ng tubig at kuryente.

Ibinahagi ng Kalinga Rice Terraces Farmers' Agricultural Cooperative sa Pasil, Kalinga ang mga benepisyong napala nila tulad ng libreng pagsasanay ukol sa palayan, mas nakahihirit ng mataas na presyo ng palay, at pagkakaloob ng *hand tractor, thresher, vacuum sealer,* at *milling machine*.

Pagkakaroon naman ng koneksyon ang ipinagmamalaki ng Magsaysay Organic Farmers Agriculture Cooperative, Magsaysay, Davao Del Sur na suplayer ng *brown, red,* at *black rice* sa Gaisano at NCCC Supermarkets, KCC Malls, at Choice Mart *convenience stores* sa mga lungsod ng Davao, Digos, at General Santos.

Kaagapay ng mga magsasaka sa buong bansa ang *Rice Competitiveness Enhancement Fund* sa pagpapalakas ng pwersa mula sa pagpaparami ng dekalidad na binhi hanggang sa pagsasapuso ng pagiging negosyanteng magsasaka!

Kaya, ano pang hinihintay mo, magbuo na ng kooperatiba. Makipag-ugnayan sa inyong City/Municipal Agriculture Office at magparehistro sa Cooperative Development Authority dahil mas matikas kapag sama-sama. Ani at kita ay mataas, may legal na katayuan pa ang inyong samahan. •

TULUNG-TULONG

ISINULAT NI:
CHRISTINA A. FREDILES

Hindi na bago ang konseptong bayanihan sa ating mga Pilipino. Ang bayanihan ay ang sama-samang pagkilos ng maraming mamamayan nang makamit ang nais ng grupo. Ang imahe ng sama-samang pagbuhat ng munting bahay nang makalipat ang kapwa ay matagal nang nakaukit sa ating kamalayan. Ang sasakyang mahina ang batirya ay itinutulak ng marami nang umandar at makapaglakbay.

Gayon din sa pagsasaka, buhay na buhay pa rin ang bayanihan!

Bayanihan sa Dalipawen

Tulung-tulong ang mga miyembro ng Brgy. Dalipawen Farmers' Association ng San Narciso, Zambales sa paghahanda ng mga kakailanganin sa pagpapa-andar ng *manual seeder*. Sa tulong ng *seeder*, eksaktong binhi ang napupunla sa bawat *tray* kaya naman, laking tipid talaga.

Gamit naman ang *mechanical transplanter*, 2-3 oras lang ang pagtatanim na nangangailangan lamang ng 3 tao kumpara sa 20 manananim para sa isang ektarya. Dagdag pa nila na malaki din ang natitipid dahil aabot lamang sa P3,000 ang upa sa *transplanter* kumpara sa higit P7,000 bayad sa manananim.

Ayon kay Dalmacio Farin, 57, pangulo ng asosasyon, bukod kasi sa matutulungan nila si kasaping Arsenio Gonzales sa pagpupunla sa *tray* at paglilipat-tanim ay matututuhan din nila kung paano patakbuhin ang *seeder* at *transplanter*. "Kumbaga, nakatulong na kami, nadagdagan pa ang aming kaalaman," pahayag ng pangulo.

Kwento ni Mang Dalmacio, Hulyo 2019 nang magsadya ang PhilRice sa kanilang lugar at tinuruan silang magpuro ng sariling binhi.

Natutuhan ng grupo ang kahalagahan ng pagtatanim ng malulusog na punla at nasa tamang edad. Bumaon sa isip niya na 21 tundos bawat metro kwadrado ang kailangan sa pagtatanim gamit ang *transplanter*. Aniya gustong atakihin ng kuhol ang batang punla pero mas kakaunti naman ang magiging suwi kung higit na sa 25 araw ang tanda ng punla.

Pangarap din ni Mang Dalmacio na makumbinsi ang lahat ng miyembro na sabayang magtanim nang maiwasang mapuruhan ng peste ang iilang palayan. Aniya, lumalalim ang pagtanggap nila sa turo ng PhilRice na karamihan dapat sa

Nasisiguro ng asosasyon nina Chairperson Dalmacio (pang-anim mula sa kaliwa) na eksaktong binhi ang napupunla sa bawat *tray*.

Marvin J. Manalang

Tulung-tulong sina Mang Dalmacio sa pagbabad ng punlaan nang masigurong malusog ang punla!

Aivan James C. Castañeda

kanila ay nakatanim na 14 araw bago o 14 araw pagkatapos ng takdang pagtatanim ayon sa dating ng patubig sa kanilang lugar. Nagaganap ito sa loob ng 30 araw.

Tulung-tulong laban sa RBB

Tinamaan man ng *rice black bug* (RBB) o itim na atangya ang karamihan sa palayan ng mga miyembro, naipamalas pa rin ng kanilang grupo ang sama-samang pagpuksa sa mga ito. Kwento niya, sama-sama silang naglagay ng *net* na nagsilbing ilaw-bitag (*light trap*) ng RBB. "Yung mga nahuli naming RBB ay binaon namin sa lupa", salaysay ni Mang Dalmacio.

Bukod sa paggamit ng *net* o masinsing lambat, nagkaisa rin ang kanilang asosasyon na subukan ang itinuro ng PhilRice na patubigan ang kani-kanilang palayan nang lumutang ang pesteng RBB. Nakahingi rin sila ng *Metarhizium anisopliae*, berdeng amag na umaatake sa mga itlog ng RBB, sa Rice Crop Protection Center sa kanilang lugar. Kwento ni Mang Dalmacio, mabisang pangontra sa RBB ang *metarhizium*. Kumpara sa paggamit ng pestisidyo, ang *metarhizium* ay hindi nag-iiwan ng anumang latak sa pananim na nakaaapekto sa kalusugan ng tao.

Pinagtibay ng technodemo

Para kay Mang Dalmacio nakatulong na mapalakas ang pwersa ng kanilang asosasyon nang maging *technodemo site* ng kanilang pagsasanay ang bahagi ng bukid ng isa nilang miyembro. "Sa bukid kasi nabuo ang sama-sama naming pag-aaral at pagkilos kung paano itanim at alagaan ang palay mula sa pagpupunla, pagtatanim, hanggang pag-aani."

Salaysay ni Mang Dalmacio, sinikap nilang makadalo ang lahat sa pagsasanay na ibinigay ng PhilRice nang sama-sama silang matuto at nang ani at kita ng bawat isa ay umusad. "Hinikayat ko talaga ang aking mga kasama na palaging dumalo sa mga *lectures* at ibahagi ang naging karanasan sa bukid nang magkaroon ng malayang palitan ng kuro-kuro ang bawat isa," kwento ni Dalmacio Farin.

Para sa Dalipawen Farmers' Association, malaking tulong na sila ay nagkakaisa at sama-samang umaakyat ang ani at kita tungo sa maginhawang buhay. •

BAYANIHAN

SAMA-SAMA O BALIKATANG PAGKILOS NANG MAKAMIT ANG LAYUNIN

1. Sama-samang labanan ang mga daga.
   - Maglinis sa kapaligiran ng sakahan. Hukayin ang mga lungga ng daga at takpan ng lusaw na putik o gumamit ng *flame thrower* para lumabas sila at mahuli.

2. Nagkakaisa na mabahaginan ng tubig ang bawat palayan.
   - Hindi kailangang laging babad sa tubig ang palayan. Gumamit ng *observation well* (*Alternate Wetting and Drying technology*) nang magabayan kung kailan lang dapat magpatubig. Kung tag-ulan, magpatubig hanggang sa pinakataas ng tubo o kawayan at sa tag-araw naman ay hanggang 5sm mula sa lupa. Kapag wala nang makitang tubig sa *observation well*, hudyat na kailangan nang magpatubig.



MAGSASAKANG TAGA KALINGA, PINALAKAS NG KOOPERATIBA

ISINULAT NI:
REUEL M. MARAMARA

Reuel M. Maramara

Vacuum sealer at milling machine ang ilan sa mga ipinagkaloob ng DA sa KRTFAC. Gamit ang mga makina, mas napadadali nila ang pagproseso sa ani ng kanilang mga miyembro. Mula sa dating P20-30, naibebenta na nila ito sa P150 kada kilo.

Sa dami ng pakinabang sa pagiging miyembro ng isang kooperatiba o asosasyon, bakit nga ba hindi ka maeengganyong sumali?

Malaki ang pasasalamat ng grupo nina Aling Percy B. Inog, 46, ng Pasil, Kalinga nang maitatag ang Kalinga Rice Terraces Farmers Agricultural Cooperative (KRTFAC) noong 2015. Bukod sa libreng pagsasanay na ibinigay ng DA, nabiyayaan din sila ng mga makina sa bukid, at tiyak pang maibebenta sa magandang presyo ang kanilang palay! Kabilang na rin syempre ang pinatatag pang pagkakaibigan ng mga miyembro ng kooperatiba.

Sulyap sa nakaraan

Ang pagtatanim ng *heirloom rice* gaya ng *Waray*, *Chong-ak*, *Chaykot*, at *Ulikan* ay bahagi na ng kultura at pagkatao ng mga taga-Kalinga. Aabot sa anim na buwan ang hihintayin bago anihin ang mga katutubong palay.

Dalawang dekada ring pinagtyagaan ng grupo ni Aling Percy ang mababang presyuhan ng palay sa kanilang lugar. "Kumpara ngayon na nasa P150 kada kilo ng *heirloom rice*, noon ay nasa P20-30 kada kilo lang ang bilihan kaya wala talaga kaming kita," madamdaming pag-alala ni Aling Percy.

Kwento ni Hilda T. Agapinan, 49, karamihan ay mga ahente ang bumibili ng kanilang ani. Hindi rin ito *regular* kaya madalas ay itinatabi na lang nila para sa pansariling pagkain at gamit. "Mahirap mapuntahan ang aming lugar, maputik at makitid ang daan sa mga bundok kaya kung may ahenteng dumarating sa aming lugar ay agad na naming binebenta," salaysay ni Aling Hilda.

Maginhawa sa kooperatiba

Bagama't simula pagkabata ay nagsasaka na, aminado si Aling Percy na mas naging maginhawa ang kanilang pagsasaka nang siya ay maging miyembro ng KRTFAC. Aniya, malaking tulong ang mga pagsasanay na ibinibigay ng DA sa kanilang kooperatiba.

Noon pa man ay hindi nagbobomba ng pamatay-peste sa palayan sina Aling Percy. "Dahil sa pagsasanay, napatunayan namin na hindi naman talaga kailangan ang lasong pamatay-peste para mapangalagaan ang palay," pagtatapat ni Aling Percy.

"Natutuhan namin na ang mga kaibigang organismo tulad ng pagung-pagongan ang siyang umaatake sa mga supling ng *planthopper*, *leaffolders*, at aksip. Kaya mainam na paramihin sila sa pamamagitan ng pagtatanim

malapit sa palayan ng mga namumulaklak na halaman na siyang magsisilbing pahingahan nila," pagmamalaking ibinahagi ni Aling Hilda.

Binigyang diin din sa kanilang pagsasanay na maaaring ikamatay ng mga kaibigang organismo ang bara-barang paggamit ng pestisidyo. Idagdag pa ang maling gawi ng ilang magsasaka sa paniniwalang maliligtas sa peste ang palayan kung magbobomba agad ng pestisidyo.

Ilan sa mga likas na kalaban ng mga peste ang tipaklong sa kaparangan, malalaking putakti, tutubing karayom, kuliglig, berdeng atangya, at iba pa.

Bukod sa pagsasanay at pag-aaral, nabiyayaan din ng *hand tractor, thresher, vacuum sealer*, at *milling machine* ang kanilang kooperatiba. "Dati, manu-mano talaga ang pagsasaka. Ngayon, mas magaan at mabilis na dahil sa mga makinaryang handog ng gobyerno sa aming kooperatiba," sabi ni Albina O. Dimas, miyembro rin ng KRTFAC.

Sa paggamit ng *thresher*, napapabilis ang paggiik o paghihiwalay ng butil mula sa uhay. "Kaya ng aming *thresher* na gumiik ng 2,000 kilong palay bawat oras at tatlong tao lang ang kailangan sa pagpapatakbo nito," patotoo ni Aling Percy.

Para naman kay Hilda, malaki ang lamang nila sa mga hindi miyembro ng KRTFAC pagdating sa pagbebenta ng mga produkto. Aniya, bukod sa 50 kilong binibigay nila sa bawat anihan, binibili rin ng kooperatiba ang iba pa nilang ani. Kung dati ay nalulugi, kumita na siya ng netong P8,000 noong nakaraang taniman.

"Ngayon, siguradong meron na kaming *buyer* sa mas mataas na halaga," dagdag pa niya.

Para kina Hilda, Percy, at Albina, kahit maliliit na magsasaka ay kayang makipagsabayan basta't nagkakaisa. Ngayon, hangad naman nila na mas dumami ang miyembro ng kooperatiba nang gumanda rin ang laman ng kanilang pitaka. •

> *"Ngayon, siguradong meron na kaming buyer sa mas mataas na halaga."*
>
> *- Hilda Agapinan*

Reuel M. Maramara

BENTAHE NG MGA KOOPERATIBA

1. Makakahirit ng mas mataas na presyo ng palay sa mga *traders*. Pwede rin na ang kooperatiba na mismo ang magbenta ng bigas sa merkado.

2. May pribilehiyo ang koop na hindi magbayad ng buwis sa pagbebenta ng kanilang mga produkto kung kaya ay 100% ang naibubulsang kita para sa mga miyembro.

3. Mas makatatawad sa pagbili ng *inputs* tulad ng pataba dahil bultuhan ang bilihan nito.

KUMIKITANG KOOP

ISINULAT NI:
JULIANNE A. SUAREZ

Bukod sa pakyawan o sama-samang pagbebenta ng produkto ng isang asosasyon o kooperatiba, marami pang ibang biyaya ang masusungkit. Basta lang madiskarte ang nasalihang pangkat.

Hindi pahuhuli ang Lupang Arenda Multi-Purpose Cooperative (LAMCO) sa Sta. Ana, Taytay, Rizal sa dami ng pinagkakakitaan. Mula sa P14,000 kapital, umaabot na sa P15M ang kaperahan ng LAMCO, pagmamalaki ni Mang Miguelito Salgado, isa sa mga *founding incorporator* at ngayo'y kanilang *general manager*.

Kumikitang koop

Nagsimula sa maliit na *sari-sari store*, ang 16 na taon nang kooperatiba ay nanganak at nagkaapo ng mga pwede pang pagkakitaan.

Kwento ni Mang Miguelito, naisipan ng kanilang grupo ang makipag-ugnayan sa *Manila Electric Company* o *Meralco* nang maabutan naman ng liwanag ang kanilang bayan. Tanda pa niya ang hirap sa pagtawid sa mga tulay na kahoy para makapunta sa mga bahay-bahay dahil wala pang maayos na kalsada noon.

"Dito namin naisip na maging daan ang LAMCO na magdala ng liwanag sa bayan habang kumikita. Kumbaga, kumita na kami, nakatulong pa sa bayan," pahayag ni Mang Miguelito.

Taong 2007 naman nang makipagbalikatan ang kooperatiba sa Manila Water at pasukin ang serbisyong patubig sa mga kabahayan.

Payo ni Mang Miguelito, siguraduhing nakasentro sa pangangailangan ng mga miyembro ang papasuking negosyo nang kita ay tuluy-tuloy! Base sa *financial statement* ng LAMCO noong 2018, kumita sila ng P1,062,833 mula sa patubig at kuryente pa lamang!

Kooperatibang sandalan ng ibang koop

Bagamat nasalanta ng Bagyong Ondoy noong 2009, hindi pa rin natinag ang LAMCO, bagkus ay nakatulong pa sa Rizal Lakeshore Farmers' Cooperative na maisalba ang kabuhayan.

"Dahil ang *vision* ng LAMCO ay maging isang *self-reliant community-based* na kooperatiba, tumulong kami sa kanila," dagdag niya.

"Nung napabilang na sa amin ang nasabing kooperatiba, naging *self-sustaining* na rin sila dahil may masasandalan na sila. Hindi na nila kailangan pang umasa sa mga 5-6 na mga pautang," ani Salgado.

Sa tulong ng *Department of Science and Technology*, nabiyayaan ng sariling *rice mill* ang LAMCO at tulong pinansyal naman mula sa DA.

Noel S. Mariano, Jr.

Diskarteng LAMCO

Karamihan sa mga miyembro ng LAMCO ay pagpapalay ang pinagkakakitaan. Kung kaya, naisip ng mga miyembro na kooperatiba na mismo ang bumili ng kanilang palay. "Hindi na nila kailangan magbenta sa de-luging presyo dahil ang *prevailing price* na ang tinatapatan ng koop," pahayag ni Salgado.

Sa tulong ng *Department of Science and Technology*, nabigyan ng *rice mill* ang kooperatiba na nagsilbing karagdagang bawas pa sa gastos ng mga miyembro.

Sa pagkakaroon ng *rice mill*, mas mataas ang kita ng mga miyembro dahil bigas naibebenta ang produkto. Kumita na ang mga miyembro, kumita pa ang kooperatiba.

Upang 'di maantala ang pag-unlad ng mga magsasaka ng LAMCO, pumasok sa kasunduan ang kooperatiba bilang *conduit-partner* ng *DA-Agricultural Credit Policy Council* sa halagang P2.5M na credit sa 87 benepisyaryo.

Kabilang sa mga nakinabang ay ang mga magpapalay, maggugulay, mangingisda, at naghahayupan na miyembro sa pautang na nasa 6% taunang interes lamang.

Sa kabila ng maraming negosyo na pinatatakbo ng kooperatiba, malaking bahagi ng katatagan nito ang paraan ng pamamahala ng mga nanungkulan sa koop, pagsusuri ni Miguelito Salgado.

"Para masabi natin na matagumpay ang kooperatiba, kailangan na umangat ang kalidad ng pamumuhay ng lahat ng miyembro," dagdag pa niya.

Hanggang ngayon, patuloy na pinagbubuklod ng LAMCO ang mga mamamayan sa Lupang-Arenda. Muslim man o Kristiyano, para sa LAMCO, lahat ay may karapatan sa pagtanggap ng benepisyong nararapat sa kanila.

Noong 2018, base sa kanilang *financial statement*, ang kanilang *water refilling* ay kumita ng P206,332; ang Lingap Project ay may P106,220 na kita; *merchandising* ay tumiba ng P428,085; ang *fabrication* ay may kitang P13,774; at ang pagpapautang ay tumubo ng P323,555 lang naman.

Kasangkapan ang LAMCO ng mas maraming magsasaka at ordinaryong mamamayan upang mabigyan ng tulong pangkabuhayan tungo sa kaunlaran. •

Salgado

Noel S. Mariano, Jr.

> *"Hindi na nila kailangan magbenta sa de-luging presyo dahil ang prevailing price na ang tinatapatan ng koop."*
>
> *- Miguelito Salgado*

DAGDAG PAGKAKAKITAAN
(ENTERPRISE DEVELOPMENT)

1. Gawing negosyo ang itlog ng itik, tagakain na ng peste sa palayan, tiyak pang pagkakakitaan!

2. Bukod sa pagbebenta ng palay, dagdag-kita rin ang *rice coffee.* Subukan din ang negosyo sa pagkakabute o 'di kaya magtayo ng *agri-supply* sa inyong kooperatiba. Tulong na sa mga miyembro, dagdag-kita pa!

PAKINABANG SA PAGSALI SA KOOP

ISINULAT AT IGINUHIT NI:
ZENNY G. AWING

Mga benepisyong natatamasa ng mga miyembro ng Nagkakaisang Magsasaka Agricultural Primary Multipurpose Cooperative, Tabacao, Talavera, Nueva Ecija

Mas magaan ang pagsasaka dahil pwedeng upahan ang makina ng koop na may 7 traktora, 4 *combine harvesters*, 3 *rotovators*.

Lahat ng benepisyong natatamasa ng koop ay napapakinabangan ng bawat miyembro.

Hindi barat ang pagbili ng koop sa sariwang palay.

Pwedeng sa koop na mismo bumili ng mga pangangailangan sa bukid tulad ng pataba at binhi sa tamang presyo.

Updated ang mga miyembro sa mga makabagong teknolohiyang nakatutulong malinang ang sariling kakayahan maging ang kahalagahan ng pagiging kasapi ng koop.



Pwedeng manghiram para sa produksyon ng *inbred* na P35,000/ekt at P60,000/ekt para sa *hybrid*. Aabot naman sa P18M/tao ang pwedeng personal na utang depende sa kapasidad na magbayad.



SARILI ANG PUHUNAN

ISINULAT NI:
ANNA MARIE F. BAUTISTA

Isa sa pinakamasakit na katagang narinig ng magkakababayang sina Mang Donato Melgaso, Aling Marina "Maring" Onabia, at ilan pang kapwa magsasaka mula Barangay Damsite, Murcia, Negros Occidental ay ang katotohanang lipas na ang mga nakasanayan nila sa bukid.

"Tumatanda na ako pero wala pa ring pagbabago sa katayuan ko sa buhay. Kung tumaas man ang ani ko, limang sako lang," malungkot na kwento ng 58-anyos na si Manong Donato.

Para kay Donato Melgaso, malaking tulong ang *brown rice milling machine* upang mapaganda ang kalidad ng kanilang produktong makukulay na bigas.

Anna Marie F. Bautista

> *"Kumikita na ako ng P50,000 - P60,000 sa fresh palay pa lang. Wala pa diyan yung tubo ko sa pagbebenta ng black rice!"*
>
> *- Donato Melgaso*

Kaya naman, naisip ng magkakababayan na gawin ang unang hakbang—ang maging bukas sa pagbabago.

Sabi nga nila, kung gusto mong baguhin ang mundo, simulan ito sa sarili mo.

Sa mga natutuhan sa pagsasanay, mas panatag na si Marina Onabia sa pagdedesisyon sa mga gawain sa bukid.

Anna Marie F. Bautista

Pagsusumikap nang umunlad

Taong 2016, pumasok ang PhilRice Negros sa kanilang lugar at nag-alok ng tulong sa pamamagitan ng *Rice Business Innovations System* (RiceBIS) *Community Program*. Tinawag na RiceBIS Negros Agrarian Reform Cooperative (RiceBISNARCo) ang kooperatiba nina Mang Donato. Ito ay naitayo noong Mayo 2019.

Walang humpay ang bawat miyembro ng RiceBISNARCo sa pagsali sa mga *seminars* na inorganisa ng PhilRice. Ilan sa mga teknolohiyang natutuhan nila ay paggamit ng certified *inbred seeds*, tamang pamamahala ng sustansiya, pagpapa-*soil analysis*, at pagkokontrol ng patubig. Niyakap na rin nila ang *PalayCheck System*, isang *integrated crop management system* sa pagpapalayan na binubuo ng mga rekomendasyon mula pagpili ng binhi hanggang pag-ani.

May sinalihan din silang pagsasanay sa pagpoproseso at pagnenegosyo, sa tulong ng PhilRice at PHilMech. Ipinakilala sa grupo ang *brown rice milling machine*. Nabigyan din ng kaaya-ayang *packaging* ang kanilang produkto upang maibenta ito sa magandang presyo.

Sinlaki ng pagbabagong sinubukan nila ang pag-unlad na kanilang tinatamasa. Ayon sa PhilRice Negros, nakakaya nang umani ng 6.4 tonelada kada ektarya ng mga taga-RiceBISNARCo.

"Sa pagtatala ko, mga P18,000 na lang ang gastos ko sa bawat ektaryang palayan, kumpara sa dating P20,000-P25,000. Yung ani ko naman, umaabot na sa 100-120 sako. Kumikita na ako ng P50,000 – P60,000 sa *fresh* palay pa lang. Wala pa diyan yung tubo ko sa pagbebenta ng *black rice*!," masayang pahayag ng presidenteng si Mang Donato.

"Kung dati ay swertehan lang, ngayon ay mas sigurado na ako sa mga ginagawa ko. Kaya mas nakasisiguro akong aabot nang mas mataas sa 100 sako yung aanihin ko," kumpyansa si Aling Maring.

Ganito na kami ngayon

Ngayon nga ang RiceBISNARCo ay may ipinagmamalaking *black* at *red rice* na tinawag nilang Murciana: *Certified Unpolished Rice* na Tatak Negrense. Mabibili ang Murciana sa Negros Island at mangilan-ngilan na pampasalubong ng kababayan nating OFW pabalik sa banyagang bansa.

Mayroon na silang 44 na miyembro at may mga nagbabaka-sakali pang sumali.

Para kay Donato Melgaso, mahalaga na ang pagbabago ay magsimula sa sariling desisyon. Mas tumpak din kung may kasamang magpupursige dahil mas malakas ang hatak.

"Kahit pa maraming *training* o tulong ang dumating, kung hindi mo naman kayang tulungan ang iyong sarili, wala ka ring kapupuntahan," pagdidiin niya.

Buti na lang, hindi pa huli ang lahat nang maisapuso nila ang karunungang ito. •

TULUNGAN ANG SARILI

1. Magpunta sa pinakamalapit na *DA office* at alamin ang mga programang magpapataas ng ani at kita.

2. Pakinabangan ang patapong ipa, gawin itong inuling na ipa. Nakatitipid pa sa pagbili ng abono!

3. Mangalap ng impormasyon sa pagsasaka gamit ang *internet* o *cellphone*! Libreng konsultasyon sa palay, abot-kamay na sa PhilRice Text Center, 0917-111-7423 at DA-PhilRice Facebook page.

KATAMBAL NG KOOP

ISINULAT NI:
ALLAN C. BIWANG, JR.

Bukod sa kaalaman sa pagsasakanang ani ay masagana, mainam ding matutuhan ng mga magbubukid ang madiskarteng pamamaraan ng pagbebenta ng kanilang produkto.

Isa ang Magsaysay Organic Farmers Agriculture Cooperative (MOFARMCO) sa Magsaysay, Davao Del Sur na suplayer ng *brown, red,* at *black rice* sa Gaisano at NCCC Supermarkets, KCC Malls, at Choice Mart *convenience stores* sa mga lungsod ng Davao, Digos, at General Santos.

Ayon kay Christina Soria, 58, *manager* ng MOFARMCO, pinili nilang lumapit sa mga *malls* upang magkaroon sila ng regular na bagsakan o *buyer* nang maging tuluy-tuloy ang kanilang produksyon at daloy ng pera.

Sa kasalukuyan, nasa 5,000 kilong bigas kada buwan ang sinusuplay ng MOFARMCO sa Davao at GenSan. Kwento ni Christina, aabot sa P300,000 ang buwanang *gross income* ng kanilang kooperatiba.

Bentahe ng produktong MOFARMCO

Bago pa man narating ng MOFARMCO ang tinatamasang tagumpay ngayon, iginapang ng kanilang mga *leaders* at ng LGU Magsaysay ang pagpaparehistro nila sa *Cooperative Development Authority*. Taong 2010 nang naging lehitimo ang kanilang grupo bilang isang nagnenegosyong kooperatiba.

Naging panghatak ng MOFARMCO sa mga kliyente ang kanilang paraan ng pagtatanim ng palay na walang pagbomba ng lason at paggamit lamang ng organikong pataba.

"Sa ngayon ay nasa 26 ektarya ang taniman ng *organic rice*. Sapat na ito upang tugunan ang *demand* ng mga *partners* namin," paliwanag ni Christina.

Sinisiguro ng MOFARMCO na hindi masisimot ang kanilang produkto hanggang sa susunod na anihan upang matugunan ang pangangailangan sa *malls*.

Maswerte ring nabiyayaan ng pinawa *rice mill* ang kanilang kooperatiba sa tulong na rin ng PHilMech. Pinagkalooban din sila ng DA-Region 11 ng bodega, maliit na *truck, solar dryer,* at *mechanical transplanter.*

Napaganda rin ang *packaging* ng kanilang bigas sa tulong ng *Department of Trade and Industry*. Pinahiram din sila ng *LandBank* upang mapalakas pa ang kanilang produksyon.

"Kailangang bigyan din ng pansin ang aspeto ng pagbebenta ng produkto bukod sa pagpapataas ng ani."

- Christina Soria

Allan C. Biwang, Jr.

www.edge.net

Allan C. Biwang, Jr.

Mabibili ang mga produktong MOFARMCO sa Gaisano at NCCC supermarkets, KCC Malls, at Choice Mart *convenience stores* sa Davao, Digos, at General Santos Cities.

Bukod sa naibibigay ng pagbenta sa *mall* na mas malaking kita, nakikinabang din sila sa mga libreng pagtuturo sa pagsasaayos ng estratehiya sa *production* at *marketing*, na angkop sa naging bentahan ng kanilang produkto.

Pakinabang ng miyembro

Nang maengganyo ang mga miyembro ng MOFARMCO na ibenta ang kanilang produkto sa koop, binibili ng kanilang kooperatiba sa halagang P27 kada kilo ang sariwang organikong palay. "Kung tutuusin, malaking kita na rin sa magsasaka kapag sa koop nagbenta dahil nasa P15,000 kada ektarya lang ang gastos sa pagprodyus ng palay at mataas ang bilihan," kwento ni Rodelfo Darang, 50, *vice chairperson* ng coop.

Ang kabuuang netong kita ng koop ay nahahati sa dalawa — ang *patronage refund* na nakadepende sa dami ng naiambag na ani at *dividend* na nakabase sa inilagak na kapital.

Pagtatapos ni Christina, kung nais nating kumita ng malaki sa pagsasaka, kailangang bigyan din ng pansin ang aspeto ng pagbebenta ng produkto bukod sa pagpapataas ng ani. •

KONEKSYON

1. Lumapit sa LGU bilang isang koop nang makakuha ng suporta o anumang subsidiya mula sa lokal na pamahalaan.

2. Pwede maging *regular supplier* ng bigas sa mga kainan o kaya sa mga pampublikong pamilihan.

3. Ipakilala ang inyong produkto sa mga *trade fair, product expo, farmers' exhibit* o *convention* nang makahanap ng mga suki sa pagnenegosyo.

ONLINE PAGSASAKA, PWEDE!

ISINULAT NI:
DONNA CRIS P. CORPUZ

Kung karamihan sa atin ay ginagawang libangan ang *internet*, ibahin natin ang Usapang Palayamanin *facebook group*, na may mahigit nang 30,000 magsasakang miyembro. Ang samahang ito ay malayang nakapagbabahagi ng kanilang karanasan sa pagsasaka at nakapagtatanong sa kung ano ang mainam na solusyon sa mga problema sa bukid. Isang patunay ng damayan at pagmamalasakit sa kapwa.

Mayroon ding *online* tindahan kung saan nakapagbebenta ng bigas o gulay ang mga magsasaka. Sariwa ang paninda, kaya nahihiyang humirit ang mga barat.

Online solusyon, agad-agad!

Ayon kay Mr. Marvin Maranggay Magsino, 50, taga Isabela, isa sa 8 *administrador* ng Usapang Palayamanin, ang kanilang *facebook group* ay nagsisilbing gabay sa pagsasaka lalo na para sa mga magsasakang nasa malalayong lugar at hindi naaabot agad ng tulong at mga teknolohiya mula sa mga ahensya ng gobyerno.

Sa simpleng pagbabahagi ng litrato ng peste o anumang problema sa bukid, agad na makahihingi ng tulong ang isang magsasaka sa kapwa niya magbubukid.

"Tiyak na may sasagot kapag may nagtanong na magsasaka dito. At hindi na kailangan pang bumiyahe nang malayo dahil ang sagot ay nasa *Facebook* mismo. Marami ang nagpapaliwanag, marami ang tumutulong at isa na ako don. Nakamonitor ako hangga't kaya kong tumulong," pagtitiyak ni Marvin.

Isa si Rose Catalbas Clemente, 61, mula Calapan City, Oriental Mindoro, sa mga magsasakang natulungan ni Marvin sa pamamagitan ng Usapang Palayamanin.

Gamit ang mga rekomendasyon mula sa Palayamanin tungkol sa tamang oras at dami ng paglalagay ng abonong nitroheno sa palay, natulungan ni Marvin si Rose na mapataas ang kanyang ani.

"Dati, maswerte na kung makaani kami ng 90 hanggang 100 sako sa isang ektarya, pero ngayon napakadali na lang sa amin makamit ang 130 sako; minsan ay umaabot pa ito ng 150. Kapansin-pansin din na mas naging malusog ang aming mga palay," dagdag pa ni Rose.

Nagpapasalamat din si Rose nang magbigay ng libreng *training* ang grupo nina Marvin sa kanila kung saan 50 silang nakadalo. Sila ay mga kapitbahay at ilang aktibong miyembro ng Usapang Palayamanin mula sa mga bayan ng Oriental at Occidental Mindoro.

Sa katunayan, labis na nahikayat si Rose na mas palawigin pa ang mga natutuhan niya mula sa itinuturing niyang kaibigan at *mentor* sa pagsasaka, kaya naman ay sinikap niyang pag-aralan din ang pagbibinhi. Ngayon, si Rose ay isa na ring ganap na *seed grower*.

Nakapagbigay na rin ng libreng *training* sina Marvin sa mga magsasaka mula La Union, Tarlac, Zambales, Batangas, Laguna, Nueva Ecija, Pampanga, at Cagayan.

Bigas online

Noong Setyembre 2019, sa kauna-unahang pagkakataon ay nakapagbenta nang direkta ang mga magsasakang miyembro ng *Naujan Farmers' Association* mula Oriental Mindoro sa isang pagtitipon sa *Bonifacio Global City* sa Maynila, na inihanda ng mga *volunteers* mula sa grupong Rice Pinas.

Isa si Iloisa Diga sa namuno at namahala upang maisakatuparan ang pagbebenta ng mga magsasaka sa Maynila. Bukod pa rito, hinikayat at tinuruan din niya ang mga magsasaka kung paano nila maibebenta ang kanilang aning bigas *online*, sa pamamagitan ng kanyang negosyong *Session Groceries*.

"Naibenta ng mga magsasaka mula Mindoro ang kanilang bigas, at hindi palay, sa magandang presyo. Umaasa ako na maipagpatuloy pa namin yung ganitong gawain para matulungan ang mga magsasaka at kanilang pamilya," pahayag ni Iloisa.

Sa ngayon, maaari nang mabili ang *Special Mindoro Rice* mula sa mga magsasaka ng Naujan, sa

pamamagitan ng *app* at *website* ng *Session Groceries*. Nagpatuloy din ang pagtulong ng *Session Groceries*, kasama ng iba pang kabataang *volunteers* ng Rice Pinas sa mga magsasaka sa Pangasinan, Nueva Ecija, at Tarlac.

"Sana magpatuloy pa ang mga ganitong gawain, na matulungan kaming mga magsasaka na makabenta at makaangat muli. Tumataas ang aming tiwala sa sarili at mas lalo kaming nahihikayat magpatuloy pa rin sa bukid," pagpapasalamat ni Conrado Balmes, isa sa mga magsasakang kalinga ng Rice Pinas. •

> *"Marami ang nagpapaliwanag, marami ang tumutulong at isa na ako don."*
>
> *- Marvin Magsino*

Donna Cris P. Corpuz

Sa malasakit ng *Session Groceries*, ang *Special Mindoro Rice* ay naibebenta na hanggang Maynila at *online*.

Session Groceries

MALASAKIT

1. Maaasahan sa panahon ng pangangailangan tulad ng ayuda kapag nasalanta ng bagyo, tuyot, sunog, pagputok ng bulkan, *global pandemic*, o lindol. Sa pagkakaroon ng kooperatiba, maaaring makatanggap ng tulong ang miyembrong nasalanta ng sakuna sa pamamagitan ng *member-assistance program*.

2. May kamustahan sa mga miyembro na hindi nakapupunta sa mga pagpupulong o hindi nakapagbibigay ng ani.

3. Nagagabayan ang miyembro ng kooperatiba sa mga gastusin sa bukid at naibabahagi ang *record-keeping* o paglilista nang masiguro ang madiskarteng paggasta.

MAGPALISTA SA RSBSA!

KWENTO AT GUHIT NI: JUDE KLARENCE C. PANGILINAN

STEP 1
CITY AGRICULTURIST
Maghanda ng 2x2 *picture*, *government ID* at titulo o kasunduan sa pagsasaka
STEP 2
Pumunta sa *City/Municipal Agriculture* Office (C/MAO) para isumite ang mga dokumento at punan ang RSBSA *form*. Papirmahan ang *form* sa *barangay chairman*, C/MAO, at C/MAFC (*City/Municipal Agriculture and Fishery Council*)
STEP 3
Tanggapin ang RSBSA *enrollment stub* para maging kwalipikado sa ayuda ng DA. May *control number* at opisyal na selyo ang bawat *stub* para masiguro na ito ay tunay.
Aba madali lang pala, makapagparehistro na!
Tama ka pareng Tino, kaya ano pa ang hinihintay mo?
Kung mayroon kang karagdagang katanungan, maaaring mag-text o tumawag sa PhilRice Text Center: 0917-111-7423.
Wakas.

OPLAN IWAS COVID 19

1. Kumain ng mga masustansiyang pagkain. Bukod sa gulay at prutas, subukan ang *black rice*, *red*, o *brown rice* na mayaman sa bitamina at *mineral*. Maaari ring kumain ng mais, kamote, gabi, at adlai bilang pamalit o panghalo sa kanin.
2. Ugaliing maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig. Maaari ring panlinis ang *alcohol*.
3. Panatilihin ang 1 metrong distansya sa kasamahang umuubo o bumabahing.
4. Iwasang hawakan ang bibig, mata, at ilong na maaaring pasukan ng *virus*.
5. Maging responsable sa kalusugan mo at ng iba. Takpan ang bibig ng *tissue* o braso kung uubo o babahing.

Source: DOH at PhilRice

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
PHILRICE
PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

Masaganang ANI Mataas na KITA

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
Tel: (44) 456-0277 • Direct Line/Telefax: (44) 456-0354

BRANCH STATIONS:

PhilRice Batac, MMSU Campus, Batac City, 2906 Ilocos Norte • Telefax: (77) 772-0654; 670-1867 • Tel: 677-1508 • Email: batac.station@philrice.gov.ph
PhilRice Isabela, Malasin, San Mateo, 3318 Isabela • Mobile: 0908-875-7955; 0927-437-7769 • Email: isabela.station@philrice.gov.ph
PhilRice Los Baños, UPLB Campus, College, 4030 Laguna • Tel: (49) 536-8620; 501-1917 • Mobile: 0920-911-1420 • Email: losbanos@philrice.gov.ph
PhilRice Bicol, Batang, Ligao City, 4504 Albay • Tel: (52) 284-4860 • Mobile: 0918-946-7439 • bicol.station@philrice.gov.ph
PhilRice Negros, Cansilayan, Murcia, 6129 Negros Occidental • Mobile: 0949-194-2307; 0927-462-4026 • Email: negros.station@philrice.gov.ph
PhilRice Agusan, Basilisa, RTRomualdez, 8611 Agusan del Norte • Telefax: (85) 343-0768 • Tel: 343-0534; 343-0778 • Email: agusan.station@philrice.gov.ph
PhilRice Midsayap, Bual Norte, Midsayap, 9410 North Cotabato • Tel: (64) 229-8178; 229-7241 to 43 • Email: midsayap.station@philrice.gov.ph

SATELLITE STATIONS:

Mindoro Satellite Station, Alacaak, Sta. Cruz, 5105 Occidental Mindoro • Mobile: 0917-714-9366; 0948-655-7778
Samar Satellite Station, UEP Campus, Catarman, 6400 Northern Samar • Mobile: 0948-754-5994; 0929-188-5438
Zamboanga Satellite Station, WMSU Campus, San Ramon, 7000 Zamboanga City • Mobile: 0910-645-9323; 0975-526-0306

PhilRice Field Office, CMU Campus, Maramag, 8714 Bukidnon • Mobile: 0916-367-6086; 0909-822-9813
Liaison Office, 3rd Floor, ATI Bldg, Elliptical Road, Diliman, Quezon City • Tel: (02) 920-5129

www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com
PhilRiceTV
0917-111-7423
rice.matters
prri.mail@philrice.gov.ph